# Gabay sa Nagparitual sa Sumbalik

Congrats sa pagpapasumbalik mo. Ito ay natural na gawin at hindi ito masama kasi binabalik lang natin kung ano ang ginawa sa atin. Hindi tayo nagsisimula ng gulo, pero pwede natin itong tapusin. Maaaring may maramdaman kang bigat na tinatanggal sa yo kasi kahit na may ritual tanggal atake nang ginawa sa yo at habak de spiritual na proteksyunan ka, maaaring may bigat pa din kaunting maramdaman kung patuloy ang taong nag-aatake sa yo. Nguni't hindi ka na maapektuhan sa paraan na magkasakit o kamalasan ka pa dahil sa atake nila.

Ang pagpapasumbalik ay ang pagbabalik ng atake sa pinanggalingan sa parehong lakas at klase na pinaranas sa yo. Kung maalala mo ang mga atakeng ginawa sa yo, yan din mararanasan ng nagritual at/o nagparitual para magkaroon ka ng spiritual na atake.

Ang kulam kasi ay sadyang pag-atake na ginagawa kahit na walang kasalanan ang kinukulam. Ibig sabihin matatamaan pa dina ng kinulam kahit wala siyang kasalanan kung mahina enerhiya niya, malakas ang mangkukulam o walang saktong proteksyon ang target. Minsan, ang spiritual na atake ay hindi nakukuha sa ritual na pagtanggal ng spiritual na atake at kailangan talaga ipasumbalik. Kung kaya't mas maganda talaga na pinagawa mo ito dahil nga matitigil na sila sa ginagawa nila.

Kumbaga, ang pagtanggal ng atake ay nagtanggal sa ugat. Ang habak de spiritual ay naglagay ng proteksyon sa yo. Tapos ang sumbalik ay ang pagtapon ng ugat na ito sa mismong pinanggalingan para sila naman ang makaranas ng sakit. Sa ganitong paraan, hindi na nila mabibigay ang sakit na yun sa iba habang may sakit sila kasi kailangan muna nila magpagaling at magpalakas kesa magbigay ng sakit sa iba.

Patuloy ka lang sa kabanalan, wag na magtanim ng poot sa puso at mamuhay ng matiwasay. Ginawa na natin ang sumbalik. Maaaring marinig mo sa personal o makita sa meditation ang umatake sa yo na nagkasakit sila o di kaya namatay. Hindi mo kasalanan ito. Wag ka mag-alala. Ginawa lang natin ang karapatdapat na pagdepensa sa sarili natin. Minsan nagkaipon-ipon na kasi ang mga sakit nila sa katawan lalo na kung may iba pang nagsumbalik sa kanila kaya mamamatay talaga ang ibang mangkukulam o di kaya nagpakulam - depende sa kaso. Ingat ka lang palagi, dasalan habak de spiritual palagi at God bless.